Pilak

Gloc-9

Kumusta sana'y nasa mabuti kayong
Kalagayan
Nandito nanaman ako
Maraming salamat nga pala kung pinakikinggan mo ito
Alam mo nong nag simula ako
Noong 1997
Hindi ko inisip na tatagal ako ng ganito
Kaya salamat...

Puwede nakong tumabi
Pero di nag mamadali
Palaparin ang papel
Unatin ang naka tupi
Sa sultada ng buhay pula man o sa puti
Natalo sa una pero sa huli di mag papagapi
Sige bangon umahon
Umalon man ng kahapon
Damputin lang ang mabuti
At ang masamay itapon
Yan ang
Natutunan ko
Nang tumagal at lumaon
Sa bunganga ng hayop
Kapag hangal ay malalamon
Ng matatalas na pangil
Umiwas ka sa dahil
Kaya ang dapat mong puntiryahin
Hindi marahil
Lapitan mo wag kang matakot kahit naka angil
Hanapin nakatago man
Sa talahib o pilapil
Tapikin mo ang sarili mong balikat
Bakit
Kasi yan ang tunay at walang kasamang inggit
Pumikit maliit man ngayon
Dumikit ka lamang sa kasipagan at tyaga malupit
Ang ka
Hihinatnan
Mataas man ang hagdan
Balikan ng balikan
At nang
Matandaan
Ang pangalan
Alang alang sa nilaban
Tinaya mo sa tagal ng panahon
Yumaman hindi nagiba
Ang pangarap
Na hinanap nakamit
Parang akap akap na bagong biling damit
Malupit yan na kwento
Sa tuwing mag papagupit
Kahit makapal na yero yan punit

Pag legit!

Kasi walang kasing talas ang bitbit
Kapag nahagip ka ay

Tinamaan ng lintik
Kaya tumabe
Di na uso ang patumpik tumpik
Kung di mo alam kung san ka pupunta bumalik
Teka muna
Ako ay nananawagan na uli
Kung meron ka pang dapat na sulatin ay umuwi
Mga letra at tugma nang ang mukha ay ngumiwe
Matapang na titindig kahit hindi ka pa tule
Alam kong bawal tumigil at hindi dapat huminto
Yang ang payo ko sayo para di ka mabigo
Salamat sa lahat ng nag bukas sakin ng pinto
Ok nako sa pilak kahit na di maka ginto
Alam kong bawal tumigil at hindi dapat huminto
Yang ang payo ko sayo para di ka mabigo
Salamat sa lahat ng nag bukas sakin ng pinto
Ok nako sa pilak kahit na di maka ginto

Ayos na po

Malalakas na palakpakan at sigawan
Nakakasilaw na ilaw
Sa entabladong nag lalawakan
Laughtrip foodtrip
At walang humpay na laboy na umabot pa kahit sa ibang bansa
Nakakatuwa
Pero kasabay ng lahat ng tagumpay na yan
Ay dugo pawis at luha
Na kailan man ay di mo maikakaila

Huwag na natin isama pa kung ilan
Ang mga nagawa
Hindi kasali yan
Ang mahalaga ay kung kaya mo pang tingnan
Walang kurap ang mata
Masilaw man sa kinang
Na hindi galing sayo
Ang alam mo lang ay masaya paring
Diinan ang panulat
Kahit tapos na tuparin
Ang mga dasal mo dati
Isa isang pitasin
Sa pisara
Dahil alam mong kaya kang panisin
Lunukin
Tanungin
Alokin
Sambitin
Ang dating ikaw
Ay isigaw
Piliting hingin
Baka sakaling meron pang natitirang
Bunuin
Tila may napulot kang anting anting
Kasi walang reserba to
Mapako man ang goma ng milyon
Huwag maubusan ng hangin
Di to yabang o pikon
Nang may madukot matutong mag ipon
Pag maayos mokong tinawag asahan na lilingon

Tandaan mo lang...

Tištěno z písničky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!